

Inilabas ng Gobyerno ng Canada ang Badyet 2023

Ang Pederal badyet ay susuporta sa malakas na middle class, abot-kayang ekonomiya, at masiglang kinabukasan para sa mga Canadians.

Ika-28 ng Marso, 2023

Ottawa, Ontario

Departamento ng Pananalapi Canada

Sa araw na ito, ang Honorableng Deputy Punong Ministro at Ministro ng Pananalapi na si Chrystia Freeland, ay naglabas ng [Badyet 2023–Isang Gawa-sa-Canada na Plano: Matatag na Middle Class, Abot-kayang Ekonomiya, at Malusog na Kinabukasan.](#)

Ang Canada ay nagpakita ng kapuna-punang pambawi mula sa recession na dala ng COVID. Ang paglago ng ekonomiya ng Canada ay ang pinakamalakas sa mga G7 sa nakaraang taon, at ngayon, may dagdag na 830,000 na Canadian ang may trabaho bago mag pandemya. Ang inflation sa Canada ay bumaba sa walong buwan na tuloy-tuloy, ang ating bilang ng kawalan ng trabaho ay halos lumapit sa dating mababang rekord, at, suportado ng malawak na sistema ng Canada na maagang pagaaral at pangangalaga sa bata, ang bilang ng partisipasyon sa labor force ng mga kababaihan na may edad 25 hanggang 54 ay umabot sa bagong mataas na rekord na 85.7 porsiyento nitong Pebrero.

Ang Badyet 2023 ay tumatayo sa importanteng progresong ito.

Sa pamamagitan ng bagong Grocery Rebate, ang Badyet 2023 ay naghahatid ng naka-target na kaluwagan para sa inflation para sa 11 milyong Canadians at ang kanilang mga pamilya na mahigit na nangangailangan nito, na may hanggang \$467 na ekstra para sa mga kumakwalipika na magasawa na may anak; at ekstrang \$234 para sa mga walang asawang Canadian na walang anak; at ekstrang \$225 para sa mga nakakatanda, sa karaniwan. Ang gobyerno ay gumagawa din ng aksyon para maipawalangbisa ang mga nakataggong junk fees at mapansamantalang pagpapautang, maibaba ang mga bayad sa transaksyon ng mga credit card para sa maliliit na negosyo, at matulungan ang mga Canadian na mapanatili ang kanilang mga pera sa kanilang bulsa.

Para mapalakas ang pangkalahatang sistema ng pangangalaga sa kalusugan ng publiko, ang Badyet 2023 ay naghahatid ng \$198.3 na bilyon para mabawasan ang *backlogs*, palawakin ang akses sa serbisyo sa kalusugan ng pamilya at tiyakin na ang mga probinsiya at teritoryo ay makapagbibigay ng mataas na kalidad at napapanahon na pangangalagang pangkalusugan na inaasahan at nararapat para sa mga Canadians. Sa Badyet 2023, ang gobyerno ay nagpakilala ng bagong Canadian Dental Care Plan, na pakikinabangan ng hanggang sa 9 na milyon na Canadian at matiyak na walang Canadian na kailangang pumili sa pagitan ng pangangalaga ng kanilang mga nagipin at sa pagbayad ng bayarin sa katapusan ng buwan.

Ang Badyet 2023 ay gumagawa ng pagbabagong pamumuhunan upang maitayo ang malinis na ekonomiya ng Canada, malabanan ang pagbabago ng klima, at lumikha ng mga bagong pagkakataon para sa mga negosyong Canadian at mga manggagawang Canadian. Kabilang dito



ang mga makabuluhang hakbang na magaabot ng malinis at abot-kayang enerhiya, sumusuporta sa mga pamumuhunan sa ating komunidad at ang paglikha ng mga trabaho na may magandang sweldo, at matiyak na ang mangagawang Canadian ay makakagawa at makakapagbigay ng mga produkto at mapagkukunan na kailangan ng mga Canadian at ng ating kaalyado.

Sa isang responsableng plano sa pananalapi na magpapakita sa Canada na mapanatili ang pinakamababang depisit at ang pinakamababa netong ratio ng utang-sa-GDP sa G7, and Badyet 2023 ay makakatulong upang bumuo ng isang Canada na mas ligtas, mas mapapanatili, at mas abot-kaya para sa mga tao sa bawat sulok ng bansa.

Quote

“Kailanman ay hindi ako naging mas optimistiko sa kinabukasan ng ating bayan kaysa sa ngayon. Ang Badyet 2023 ay maghahatid ng bago at naka-target na kaluwagan sa inflation para sa mga Canadians na higit na nangangailangan nito; mas malakas na pampublikong pangangalaga sa kalusugan, kabilang ang pangangalaga sa ngipin ng milyun-milyong Canadian; at makabuluhang pamumunuhan upang maitayo ang malinis na ekonomiya ng Canada. Sa isang mapanghamong panahon sa isang mapanghamong mundo, wala nang mas magandang lugar kaysa sa Canada.”

Ang Kagalang-galang na Chrystia Freeland, Deputy Punong Ministro at Ministro ng Pananalapi.

Kaugnay na mga Producto

- *Badyet 2023: Isang Gawa-sa-Canada na Plano: Matatag na Middle Class, Abot-kayang Ekonomiya, at Malusog na Kinabukasan*
- Badyet 2023: Tinugunan ng Deputy Punong Ministro at Ministro ng Pananalapi
- Backgrounder: Mas malakas na Pangangalaga sa Kalusugan Pampubliko
- Backgrounder: Ginagawang mas Abot-kaya ang Buhay
- Backgrounder: Isang Abot-kayang lugar na matatawag nating bahay
- Backgrounder: Isang Gawa-sa-Canada na Plano: Abot-kayang Enerhiya, Magandang Trabaho at Lumalagong Malinis na Ekonomiya
- Backgrounder: Isulong ang Pagkakasundo (*Reconciliation*)
- Backgrounder: Mas Matatag at mas Inklusibong Komunidad
- Backgrounder: Pagpapabuti ng Paghahatid Serbisyo

Mga Kontakt

Maaring makipag-ugnayan ang media:

Adrienne Vaupshas

Press Secretary

Opisina ng Deputy Punong Ministro and Ministro of Pananalapi

Adrienne.Vaupshas.fin.gc.ca



Relasyon sa Media
Departamento ng Pananalapi Canada
mediare@fin.gc.ca
613-369-4000

Pangkalahatang Pagtatanong
Phone: 1-833-712-2292
TTY: 613-369-3230
financepublic-financepublique@fin.gc.ca

